# Bakit Bestfriend ko pa?

by: **RedinLove**

Any similarities to existing person (living or dead), places, icons or institutions are purely coincidental or were used in the pursuit of creative excellence.

All Rights Reserved © 2012

**Plagiarism is a CRIME**

---

**"Ikaw ba yung taong marunong magtimpi. Yung kayang kontrolin ang nararamdaman. Yung alam kung kelan dapat magalit, at kelan dapat magpigil sa sarili. Ikaw ba yung marunong mag ipon ng nararamdamang sama ng loob at umiwas na lang sa gulo at ilabas ang hinaing kaysa makasakit ng ibang tao?**

**Kung oo, parehas tayo. Kung parehas tayo, masasabi mo bang matibay tayo? Masasabi mo bang matatag tayo? Duwag ba tayo? Pero bakit dumadating yung punto na parang ang bigat bigat na sa loob. Naramdaman niyo na rin yun? Mabigat pero di mo pwedeng bitawan, dahil pinipilit mo ang sarili mo na 'kaya ko pa!' … na balang araw, mawawala rin ito. Hanggang sa maging mahina ang buong katauhan mo. Alam mo ba, that is my loneliness."** --Janelle

**

**"Ay walang payong si Ylaisa! Whoo! Basang basa ka na dre oh.. Kawawa ka naman! :D May payong ako oh! Bleeeh! Ikaw wala!"**

"SO?! POGI KA NA NIYAN ETHAN??"

Tamo tong dalawa. Lagi na lang =___= Wala na talagang ginawang matino. Kahit todo asar na tong si Ethan pag nagsalita na si Ylaisa, basag! And oh si Ethan nga pala ang binansagang **"The Ultimate Torpe."**

Isa sa barkada ko si Ylaisa. Yung nangaasar sa kanya bestfrienemy niya. Ewan magulo talaga ikot ng mundo nilang dalawa. Hayaan niyo na.

Anim kaming magbabarkada. Ako (Janelle), Jm (bestfriend ko), Sheila, Russel, Chloe at Ylaisa.

At nandito kami ngayon sa Gate House ng school namin. Umuulan kasi ngayon may balak pa naman sana ang barakadang pumunta sa peryaan jan sa bayan kaso nga hindi sumunod ang weather. Kainis!

"OH ANO NAPIPE KA JAN? Makaasar kasi. Hmp!" --Ylaisa

**"Uyyyy,"** pangaasar namin sa kanilang dalawa.

"Hatid na kita."

Nagulat kami sa sinabi ni Ethan. Seryoso siya, habang etong si Ylaisa. Oh sige muntimang lang. Hindi convince eh.

"IHAHATID NA NGA KITA JAN EH! AYAW MO PA!" then bumulong siya, "buti na lang mahal kita kung hindi." --ethan

"ANO?! ANONG SABI MO UNGGOY?! HINDI KO NARINIG! PAKILAKASAN!"

"WALA SANA MALUNOD KA NG BAHA MAMAYANG GABI. KUNG BAKIT BA KASI HINDI KA NAGLILINIS NG TENGA MO! AH EWAN KO SAYO! BAHALA KA JAN!"

"Hoy saglit," tawag niya kay Ethan. Tumingin naman si Ylaisa samin bago nagsalita. "Mauna na ako ah. Tutal hindi naman na matutuloy ang gala natin. Sige na at sasama na ako sa unggoy at baka maging uranggutan. Ciao~~"

"ANO? ANONG SABI MO? URAN-- aww!" Sinuntok niya ito ng mahina sa braso.

"Sabi ko tara na! Daming satsat!"

"Ewan ko sayo. Buti na lang mahal kita."

"Ano?"

Bago nakaalis ang dalawa sumigaw na ako. "NAKS UMAASENSO ANG TORPE! PAGPATULOY MO LANG YAN! IMPRUBEEENG!"

"Teka lang huh? Taga bundok ba tayo? Bakit kung makasigaw kayo parang ang layo niyo sa isa't-isa?" confused na sabi ni Sheila.

***

Nandito kami ngayon sa gilid ng palengke. Basang basa. Ano pa nga bang magagawa? Hihintayin kasi naming tumila ang ulan para makagala kami. 4:32 pm pa lang naman kasi. Ang kulit lang namin no?

"Grabe ang cellphone ko. huhuhuT__T" Mangiyak ngiyak na sabi ni Chloe.

Tiningnan ko yung cellphone ko. Buti na lamang at okay pa siya.

**beep beep**

**O__O!!**

Nagulat ako sa sangkatutak na text ng isang unregistered number. Nanaman?? Siya kasi yung makulit na texter na ayaw kong malaman ang pangalan. Ang kulit kasi. Gusto daw makipagkita sa akin. Eh ayaw ko nga! Hell-no! Baka mamaya hindi yun tao. Lalo na lang kung isa lang pala yung patibong at gahasahin

ako. Mahirap na. Text kasi yun ng text pero syempre hindi ko naman siya ini-entertain dahil nga dun. At hindi ko alam ang pangalan niya. Kaya unregistered number lang ito.

"Guys, may nagtetext nanaman sa akin." Sabi ko sakanila. Magsusumbong na lang ako. At baka gusto nila ng textmate. Tss.

"Talaga? Pogi ba? Weeee. Sige akin na akin na." Makulit na sabi ni JM sa akin.

"Ewan ko. Isave niyo na lang. Pasa ko lang. Wait niyo."

***

Ilang buwan na ang nakakaraan. Nakakatext ko na yung Unregistered number. Ang kulit niya kasi. Name niya pala is RJ. Arjay ang totoong name niya at shortcut lang ang RJ. Ganun pa rin yung sinasabi niya, magkita daw kami. Kung ano ano. Nakakasawa. Hanggang sa sabi niya maghihintay daw siya sa park. May parade kasing magaganap at kasali lahat ng school. Kaya syempre magpaparade din ang school nila kasabay ng sa amin.

**----Parade**

"WHOO! Ang init. Noon naulan lang. Ngayon grabeng init na to! Di ko na keri!" reklamong sabi ni Ylaisa.

"Ang reklamador naman nito. Buti nga pinapayungan pa kita jan eh." --ethan

"Gusto kong magsando na lang. Ang ineeeet!! Badterrrp!" inis na inis na sabi ni Chloe.

**"Then go!"** sabi ni paul. Ex niya.

**"Paypayan na lang kita.."** sabi ni Jerro kay Sheila.

**"Tubig oh russel,"** sabi nung nanliligaw kay Russel.

Oh sige na. Sila na ang sweet. Kami na ni Jm ang OP!

"Op tayo teh," reklamong sabi ko. [Out of Place]

"Anong tayo? Ako lang! May Rj ka kaya jan."

Speaking of RJ. Makikipagkita nga pala ako sa ugok na yun. Asar! Totoo kayang nakita na niya ako? Ah ewan.

***

***"Janelle, paki kuha naman yung folder kay Sir John."***

***"Janelle, paki sabi naman kay Sir Rey na hindi na matutuloy yung meeting."***

***"Janelle, paki dala naman to sa ibang section."***

***"Janelle pwede bang pumunta ka kay Ma'am Khate? Yung teacher sa elementary Department? Kailangan lang talagang maibigay to eh. Salamat Ja."***

At ngayon? BANGAG na ako!! Ang sakit ng Ulo ko! Pawis na Pawis pa ako. Lahat lahat na! Ayoko na! Bakit ba kilala ako lahat ng teacher dito. Sa dinaami dami naman kasi ng tao. Psh.

Kinagabihan ayun bagsak ako. Pagod eh.

***

**beep beep**

From: **Rj'kulit**

Ang daya mo :( Hinintay kita buong araw. Mula nung matapos yung parade ng bandang 11am hanggang mag 6pm. Sabi mo kasi pupunta ka. Nangangako ka pa diba =(. Alam mo bang mukha na akong tanga dun kakahintay?

**beep beep**

From: **JM**

Bestiee. Hinintay ka ni Rj kahapon. Nakita ko siya ng mga 5pm dun sa meeting place niyo. Sabi ko busy ka pero hindi pa rin siya umalis. Sabi kasi niya nagpangako ka eh. And teh sayang ang POGEEE!

**beep beep**

From: **Russel**

Tol, hala ka!! Si RJ hinintay ka kahapon. Ang tagal niyang naghintay ah. Kakakileegg! >//<

**beep beep**

From: **Chloe**

Bakit di ka daw dumating? Alam mo bang.. Ang pogi niya *Q*

**beep beep**

From: **Sheila**

Ang Gwapo ni Rjay. Tiba tiba ka! Pero... aww. Hindi ka daw sumipot kahapon. Why o Why?

**beep beep**

From: **Ylaisa**

--Bakit sa dinami dami ng sakit dito sa mundo yung AIDS pa ang meron ako..

A-Ako'y

I-Inlove

D-Dahil

S-Sayo

..

-HOY ETHAN PANGIT! ANG PANGIT MO. UNGGOY KA! EWAN KO SAYO! URANGGUTAN!

-Oi Janelle, makonsensya ka naman. Si Rj oh kahapon hinintay ka. Ang gwapo teh!

~grup

Kinonsensya talaga ako. De bale. Babawi na lang ako.

To: **Rj'kulit**

Pasensya na. Dami kasing ginawa eh. Dapat kasi umalis ka na. Ewan ko sayo. Bawi na lang ako sa susunod :)

<3Jan-elle<3

***

Nagkita kami ng araw na yun. At oo pogi naman siya. Hindi sa napilitan lang kung hindi alangan namin i-exagge ko pa eh halata naman.

Ilang buwan siyang nanligaw. Mula sa school nanliligaw din siya. Hatid-sundo. Lakas ng topak pero syempre mahal ko na yun.. HahahaXD kaya pinagbigyan ko na. >///<

***Hanggang sa isang araw...***

Naging busy nanaman ako. Sunod sunod kasi yung schedule ko. Lahat nakafocus sa Sport's fest, foundation Day at kung ano ano pa. Pati yung mga organization! Ugh! Sakit na talaga ulo ko!

Kaya nawalan ako ng time. Hindi ko naman sinasadyang mawalan ng Oras. Busy lang talaga kami at ayun trina-try ko pa ring textan si Rj. Nagaaway kami pero diba ganun naman lahat ng relasyon? Nagaaway-

bati. Minsan dadalaw siya sa school para ihatid ako pero sobrang pagod lang ako kaya hindi ko rin siya nakakausap.  Pati pag gogoodnight wala na din dahil sa sobrang pagod kaya natutulog na lang ako. Pag umaga isang matipid lang na goodmorning okay na. Ultimo saturday at sunday ang dami kong ginagawa. Hayy.

"Sorry kung minsan na lang kita nakakausap ah, Rj?"

Napatingin siya sa akin.

"Wala yun. Andun naman si JM habang hinihintay kita."

"Pasensya ka na rin kung minsan hindi na rin kita natetextan?"

"Ayos lang nakakatext ko naman sila Jm eh."

"Pasensya ka na rin kung hindi kita matawagan. Sorry Rjay."

"Ayos lang."

Ano? Ayos lang yun sa kanya? As in SRSLY? Diba dapat nagagalit siya kasi nawawalan na kami ng oras sa isa't-isa? Pero bakit parang wala lang? Bakit parang ayos lang? :(

*****

Maaga natapos ang meeting namin at excited akong makausap ang aking RJ dahil gusto ko magdate kami ngayon. Matagal-tagal na din simula nung huli naming paguusap at pagPPDA. Haha Joke lang :))

Naglalakad ako ngayon papunta sa may Guard House naming, alam ko kasing nandun ngayon si RJ. Pero nagulat ako ng wala siya dun. Alam ko na hahanapin ko na lang si JM.

"Ahm Ylaisa, Ethan? Asan si Jm? Nakita niyo ba?"

"Himala. Kinausap mo kami ngayon tol? Haha busy ka kasi masyado. Ahm nasa volleyball court ata. Pero ewan ko lang kasi nagsialisan narin ang mga volleyball players eh. Diba eths?" Sabi ni Ylaisa na pinat pa ang ulo ni Ethan.

"ANONG ETHS?!!"

"EH ANONG GUSTO MO UNGGOY? EDI UNGGOY! UGH! EWAN KO SAYO!"

Sakit nila sa ulo. Dumiretso na lang ako sa volleyball court nang may naririnig akong usapan.

***"Mali to."***

***"Pero.."***

***"Ano na lang ang sasabihin ni Janelle. Ano ka ba Rj mali talaga to. Wag na nating ipagpilitan. Hindi pwede."***

Naguguluhan ako. Si Jm at Rj magkausap ngayon. Pero bakit nadawit ang pangalan ko dito? Anong kinalaman ko sa usapan nila?

"Jm," sabi ni Rj

"Mali to. Sorry."

Bigla na lang lumuhod si Rj at parang kinabahan ako ng mga sandaling iyon. Hindi ko alam pero parang may… mali.

**"Mahal na kita Jm. Mahal na kita."**

Napahawak ako sa bibig ko. At lumaki ang aking mga mata. Anong ibig sabihin nito? (O?o)

"Mahal din kita pero mali lahat to. Wag natin tong pilitin. Walang mabubuong tayo Rj. I'm Sorry."

Akmang aalis na si Jm pero nagpakita na ako sa kanilang dalawa. Nagulat silang dalawa.

"Rj," tawag ko sakanya.

"Janelle," sabay nilang tawag sa pangalan ko. Punyeta! ANO to?!!!

"Anong ibig sabihin nito?" naluluha kong sinabi sa kanila.

"Kasi Besti--"

"Punyeta JM hindi ikaw ang kausap ko! ARJAY ANO TO!!"

"Umalis ka na muna dito Jm. Please," sabi ni Rj

Umalis ng umiiyak si Jm. Tumayo si Rj at tumingin sa akin ng seryoso at sinabing, "Sorry Janelle pero... mahal ko na si JM."

<//////3

Ano daw?

Aray!!

"Taena naman RJ kung dahil sa pagiging busy ko kaya ka gumaganti hindi naman tama yun. Busy yun. Diba sabi mo ayos lang yun? Diba?"

"Sorry," yumuko pa siya. Ang sakit!

"Rj. Umayos ka nga. Ano ba naman yan."

"Sorry. God knows how much I love you. Im sorry, pero hindi na ngayon."

Araaayyy :((

"Rj sabihin mong JOKE lang to? Sabihin mo!"

"Sorry."

"RJ!! ANO BA! KUNG TRIP MO LANG TO WAG MO NAMAN AKONG GANITUHIN. MASAKIT EH. PLEASE RJAY!"

"Janelle," tiningnan niya ulit ako. "Mahal ko na talaga si JM."

Nanghina ako sa mga sinabi niya. Ang sakit.

"Ayos naman tayo Rj eh. Bakit ganito?"

"Sorry talaga."

"Sorry? Punyeta naman Rj kung makasorry ka! Bakit? Sa tingin mo ba  sa pagsabi mo ng sorry maiintindihan ko lahat?!? Sa pagsabi mo ba ng sorry maiibsan ang sakit na nararamdaman ko ngayon? Umayos ka Rj! Sabihin mong ROLEPLAY LANG TO! ARJAAAY!!"

Nakaluhod na ako ngayon. Umiiyak. Nasasaktan. Ang sakit!

"Sorry pero.. Mahal ko na siya. Janelle.. Mahirap man tong sabihin pero... B-break n-na ta-tayo."

Bago siya umalis ay binigay niya ang isang bagay. Isang bagay na importante sa akin..

Singsing.

//Flashback

Rj- "Huwag na huwag mo tong aalisin ha? Patunay to na mahal na mahal na mahal na mahal na mahal mo ako. At etong singsing sa akin ang magpapatunay kung gaano kita kamahal. Higit pa sa isang daang 'mahal' ganun kita kamahal eh. At tatanggalin ko lang to kapag hindi na kita mahal pero syempre hindi yun mangyayari. Mahal kaya kita. ILoveYou, Janelle."

//End of Flashback

Sabi mo mahal mo ako?

Bakit? Bakit naging ganito? :((

Ang hirap.. </3

Ang Sakit! :'(

*****

Kinagabihan walang akong ganang kumain. Matutulog na lang ako. Alam ko naman na kahit kumain ako wala rin kwenta kasi iluluwa ko ito.

Humiga ako sa kama. Nagkumot at niyakap ng mahigpit ang teddybear na binili ni Rj sa akin nun--ung araw na sinagot ko siya.

"Gago ka! Ewan ko sayo!" tinapon ko ito at niyakap ang unan ko. Naaalala ko lahat. Bumabalik sa utak ko ang mga 'memories' namin noon. Yung teddy bear, yung paghahatid-sundo mo, piggy back ride, yung singsing higit sa lahat ang pangako mo noon. Tama nga sila **'Promises are made to be broken.'**

Habang umiiyak ako ay biglang may nagtext.

Binuksan ko ito at binasa.

------

From: **Rj'kulit**

09/15/10  8:55 pm

Yes! KAMI NA!! :)

Iloveyou.. JM <3

-------

Aray!

ARJAY naman eh!!

**Bakit..**

**Bakit bestfriend ko pa?**

**=(**

*****

**---hindi mo kasalanan na mahal mo pa rin siya... pero sana naisip mo na, hindi rin niya kasalanan na hindi “NA” ikaw ang mahal niya.**

**"May mga bagay na kahit gusto mo, kailangan mong bitiwan. May mga tao na kahit napapasaya ka, kailangang iwasan. May mga desisyon na dapat gawin kahit napipilitan. At may mga pagkakataon na kapag ginawa mo ang tama, ikaw ang mahihirapan. Dahil may mga bagay na kapag pinagpilitan sa huli, ikaw din ang masasaktan."**

---

***Inspired by the Author’s True Story.***

**The End**